

Programang 'Technoprenuership' para sa mga estudyante, muling inilunsad ng DOST

Ni Enrico P. Belga Jr., DOST-STII

Muling inilunsad ng Department of Science and Technology-Technology Application and Promotion Institute (DOST-TAPI) ang programang tumutulong sa mga mag-aaral na mapaunlad at epektibong mailako sa merkado ang kanilang mga produkto at teknolohiyang dinebelop.

Ang DATBED o DOST-Academe Technology-Based Enterprise Development ay isa sa mga pangunahing programa ng DOST-TAPI na kung saan nagbibigay ito ng pinansyal na suporta sa mga mag-aaral sa kolehiyo na nakalikha ng mga inobatibong produkto, serbisyo, at proyekto.

Sa isinagawang paglulunsad noong 13 Disyembre 2018 sa Camarines Sur Polytechnic Colleges (CSPC), binigyang-diin ni Romeo M. Javate, supervising science research specialist ng DOST-TAPI na layunin ng DATBED na bigyan ng oportunidad ang mga mag-aaral sa kolehiyo, partikular na ang mga kumukuha ng kurso sa science, technology, engineering, at mathematics o STEM na ma-engganyong bumuo ng mga produkto na makatutulong sa

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

PSTC-Agusan del Sur, may bagong tahanan	p3
Pamaskong handog ng DOST-VII, nagpasaya ng mga matatandang kapus-palad	p4
LarawaNews.....	p4

Pagbuo ng kauna-unahang hybrid trimaran sa bansa, sinimulan na

Ni David Matthew C. Gopilan, DOST-STII
Mga larawan mula sa DOST-PCIERRD



Mula sa kanan: Dr. Yasmin P. Tirol, project leader; Nonilo A. Peña ng DOST-PCIERRD; Dr. Danilo Abayon ng Aklan State University; New Washington Mayor Atty. Shimonette Francisco; Aklan Governor Florencio Miraflores; Engr. Rowen R. Gelonga ng DOST-VI; Engr. Romeo Almuan ng MARINA Region VI; at Edilberto Macahilig, humalili kay Hon. Carlito Marquez.

NEW WASHINGTON, AKLAN – Patuloy ang paglago ng industriya ng paglalayag at pagbuo ng mga barko sa bansa sa pagsisimula ng kauna-unahang hybrid trimaran sa bansa.

Pinasinayaan ng mga pinuno ng Department of Science and Technology (DOST), Aklan State University (ASU), Maritime Industry Authority (MARINA), lokal na opisyal ng Aklan, at Metallica Shipyard ang pagbuo ng hybrid trimaran sa isang seremonya na kung saan ang balangkas ng katawan ng barko ay inilatag sa ilog ng New Washington sa Aklan.

Inihayag ni DOST-Philippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technology

Research and Development (DOST-PCIERRD) Deputy Executive Director Engr. Raul C. Sabulase ang kanyang optimismo na ang nasabing pangyayari ay magdudulot ng malaking pag-unlad sa pagbabarko sa bansa.

"We are hopeful that the hybrid trimaran project will launch a new wave of innovations in the maritime industry," ayon kay Engr. Sabulase.

Binanggit din ni Engr. Sabulase na ang proyektong ito ay magbubunga ng mga oportunidad sa pag-aaral ng mga alternatibong mapagkukunan ng enerhiya.

"Our search for new and viable alternative

sundan sa pahina 2

Pagbuo ng ...
Mula sa pahina 1

energy resources gets a boost with this ingenious endeavor,” dagdag pa niya.

Nagkakahalagang PHP 76 M ang pondong inilaan ng DOST para sa proyekto. Kaakibat naman ng DOST ang ASU, MARINA, Metallica Shipyard, at DOST-Region VI upang maisakatuparan ito. Ang Metallica Shipyard, na pagmamay-ari ni Engr. Jonathan R. Salvador, ang nagdisenyo ng nasabing sasakyang pandagat.

Ang sasakyang pandagat na ito ay maaaring magsakay ng 150 pasahero, apat na van, at 15 motorsiklo.

Hinahango ng hybid trimaran ang enerhiya nito mula sa alon ng dagat gamit ang outriggers nito upang mapunan ang kinakailangan enerhiya para umandar. Dinodoble ng mga alon ng dagat ang hydraulic pumps ng trimaran na siyang magbibigay-lakas sa generator. Dulot nito, maglalabas naman ng kuryente ang generator para sa barko.

Ipinaliwanag ni Engr. Salvador na mas maraming kuryente ang magagawa ng generator ng barko kapag mas marami ang alon. “We see



Mga manggagawa sa likod ng pagbuo ng trimaran.

this technology to improve the vessel’s energy efficiency, making it not only cost-efficient, but also environment-friendly,” dagdag pa niya.

Ibinahagi rin ni Engr. Salvador na gumagamit ng multi-energy technology ang trimaran. Dulot nito, maiiwasan ang total engine failure habang nasa biyahe at maiwasan ang mga aksidente sa dagat. Ang partikular nitong disenyo ay ginawa para maiwasan din ang pagkataob ng buong barko, at magbibigay

sa barko ng kakayanan na makatagal sa dagat kahit masama ang panahon.

Isinalaysay naman ni Regional Director Engr. Rowen R. Gelonga ng DOST-VI ang papel ng Western Visayas Maritime Transport sa pagbuo ng hybrid trimaran. Binanggit din niya ang pagsasama ng ASU at Metallica, na siyang naging pundasyon ng tagumpay ng proyekto. (Impormasyon mula kay Beatrice Marie S. Basi, DOST-PCIEERD).

Programang ‘Technoprenuership’...
Mula sa pahina 1



Mga mag-aaral sa kabikulan na dumalo sa isinagawang paglulunsad muli ng DATBED ng DOST-TAPI noong 13 Disyembre 2018 sa Camarines Sur Polytechnic Colleges (CSPC). (Larawan mula sa DOST-TAPI)

pagpapaunlad ng iba’t ibang sektor sa bansa.

Taong 1994 nang umpisang ipakilala ng DOST-TAPI ang DATBED bilang pamamaraan upang matulongang mapababa ang bilang ng mga bagong nagtapos na walang trabaho sa pamamagitan ng pagbibigay ng puhunan at pasilidad upang makapagpatayo ng sarili nilang start-up business.

Mula taong 1995, ilan sa mga unibersidad at kolehiyo sa Bicol ang natulungan na ng

DATBED kung saan nagbigay ito ng suporta sa mga mag-aaral. Kabilang na rito ang Bicol University, Camarines Norte State College, Partido State University, Central Bicol State University of Agriculture, at Ateneo de Naga University.

“DATBED is a good opportunity for the students to serve as a tool in strengthening technopreneurship curriculum,” ayon kay Dr. Dulce F. Atian, pangulo ng CSPC.

Sa taong 2018, limang project proposal sa Kabikulan ang nabigyan ng pinansyal na suporta sa ilalim ng DATBED. Bukod dito, anim na unibersidad at kolehiyo sa kasalukuyan ang nagpasa ng iba’t ibang project proposal na may mataas na potensyal. (Impormasyon mula kay Jund Rian A. Doringo, DOST-TAPI)

Editorial Board

RODOLFO P. DE GUZMAN

Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA

Managing Editor

JAMES B. INTIA

Layout Artist

ROSEMARIE C. SEÑORA

Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL

Circulation

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

PSTC-Agusan del Sur, may bagong tahanan

Ni Rosemarie C. Señora, *DOST-STII*
Mga larawan mula sa DOST-Caraga



Ibinida ni DOST Undersecretary for Regional Operations Services (ROS) Undersecretary Brenda L. Nazareth-Manzano sa kanyang talumpati ang mga programa ng DOST sa rehiyon ng Caraga.

Sasalubungin ng Provincial Science and Technology Center Agusan del Sur (PSTC-ADS) sa pangunguna ni Provincial Science and Technology Director for Agusan del Sur Engr. Andrea J. Cabonita ang bagong taon sa bago nitong gusali na matatagpuan sa Government Center, Prosperidad, Patin-ay, Agusan del Sur.

Nagpahayag ng pagbati si Department of Science and Technology (DOST) Undersecretary for Regional Operations Services Brenda L. Nazareth-Manzano sa DOST-Caraga at PSTC-ADS sa ginanap na blessing at inagurasyon ng naturang gusali noong 18 Disyembre 2018.

Aniya, ang bagong tahanan ng PSTC-ADS ay makatutulong sa organisasyon na makaabot pa sa mas maraming tao sa mga probinsya sa rehiyon ng Caraga at makapagbigay ng mga interbensyon sa larangan ng agham at teknolohiya. Kaugnay nito, para sa taong 2019 ay palalawigin ng DOST ang mga programa sa rehiyon sa research and development; technology transfer; S&T human resources; micro, small, and medium enterprise productivity; disaster risk reduction management; science, technology, and innovation opportunities; at governance.



Ang bagong gusali ng PSTC-ADS na matatagpuan sa GDOP Government Center, Prosperidad, Patin-ay, Agusan del Sur.

Ang pondo para sa pagtatayo ng gusali na nagkakahalaga ng Ph P4,849,993.35 ay nagmula sa General Appropriations Act o GAA budget ng DOST-Caraga na pinangungunahan ni DOST-Caraga Regional Director Dominga D. Mallonga.

"In DOST, it's always a partnership. We believe in doing counterpart because we give more value to the output," aniya.

Pinasalamatan din niya ang Department of Public Works and Highways para sa disenyo ng gusali.

Ang pakikipagtulungan at magandang relasyon na ito ay pinatunayan na ang pamahalaang lalawigan ng Agusan del Sur, sa pangunguna ni Gobernador Adolph Edward G. Plaza, ay nagbigay ng aabot sa humigit kumulang isang hektarya ng lupa bilang donasyon sa PSTC-ADS. Ang 60 porsyento ng lupang ito ay inilaan sa pinagtayuan ng gusali habang ang natitira ay gagawing S&T center, ayon kay Engr. Cabonita na lubos ang pasasalamat sa suportang ipinaabot ng iba pang ahensya ng gobyerno, local government unit (LGU), at mga pribadong partner sa pagtatayo at pagpapasinaya ng naturang gusali.

"Mas madali na tayong magkakaroon ng mas mabilis na koordinasyon sa ating mga kliyente at partner. Ang building ay mayroong training room sa ikalawa nitong palapag kung saan maaari tayong magsagawa ng mga iba't ibang gawain," ani Engr. Cabonita sa kanyang talumpati.

Dumalo sa naturang pagtitipon si Gov. Plaza na nagpahayag ng patuloy na pagsuporta sa mga programa ng DOST sa lalawigan. Kabilang rin sa mga dumalo sina Development Bank of the Philippines-San Francisco Branch Manager Engr. Freddie Mero, Technical Education and Skills Development Authority o TESDA Provincial Director Braulio P. Dela Peña, Philippine Normal University Campus Executive Director at Provost Dr. Adelyne Costelo-Abre, Philippine Science High School-Caraga Campus Director Ruwina S. Gonzaga, mga kliyente ng DOST Small Enterprise Technology Upgrading Program o SETUP, mga kinatawan mula sa iba't ibang LGU, at mga PSTD sa lalawigan.

Sa ngayon, sa 81 na PSTC na mayroon sa bansa, kalahati lamang sa mga ito ang gumagamit ng sarili nilang mga gusali ayon kay Usec. Manzano. Kaya't ganoon na lamang ang pagsusumikap ng DOST-Caraga para maaprubahan ang mga proposal para sa pagtatayo ng bagong gusali sa PSTC ng Agusan del Norte at Dinagat Islands.

Pagkatapos ng pagtitipon, bumisita sina Dir. Mallonga, Engr. Cabonita, Pisay Campus Dir. Gonzaga, at DOST Usec. Manzano sa VPO Rosario Agri-Industrial Development Corporation sa Rosario, Agusan del Sur at sinubukan ang mga produkto nito.

Ang VPO, na isang sago flour processing plant, ay isang kompanya na natulungan naman ng DOST sa programa nitong SETUP. (Impormasyon mula kay Aliana Sarmiento, DOST Caraga)

Pamaskong handog ng DOST-VII, nagpasaya ng mga matatandang kapus-palad

Ni Enrico P. Belga Jr., DOST-STII



Nagbigay-saya ang ilan sa mga empleyado ng DOST-VII sa paghahandog nila ng sayaw at awitin para sa mga senior citizen ng Gasa sa Gugma. (Larawan mula sa DOST-VII).

Hindi madali ang buhay para sa mga senior citizen lalo na't kung wala na silang maasahang mga kamag-anak at walang ring ibang masisilungan kung hindi ang mga bahay-ampunan.

Kaya naman sa pakikipagtulungan ng Department of Science and Technology-Region VII (DOST-Region VII) at ng International Pharmaceuticals Inc., isang bahay-ampunan para sa mga matatanda

sa Mabolo, Cebu City ang binisita noong 7 Disyembre 2018 at nabiyayaan ng mga pamaskong handog.

Ang Gasa sa Gugma ay isang bahay-ampunan para sa mga matatanda. Ito ay pinatatakbo ng mga madreng miyembro ng The Missionaries of Charity, isang kongregasyong itinatag ni Mother Teresa noong 1950. Ang nasabing bahay-kalinga ay may misyong magbigay ng "taos-pusong

serbisyo para sa mga pinakamahirap sa mga mahirap".

Nagbigay ng mensahe ng inspirasyon si Engr. Tristan Abando, director ng Provincial Science and Technology Center sa Cebu, sa lahat ng mga matatandang nasa bahay-kalinga, habang namigay naman ng pagkain, prutas, at mga hygiene products ang mga empleyado ng DOST-VII. Inaliw din ng mga nasabing empleyado ang mga matatanda ng sayawan at tugtugan, at ang iba ay umawit pa ng mga awiting pamasko sa wikang Bisaya.

Hindi naman nagpatalo ang mga matatanda pagdating sa talento, dahil isang 85-anyos na lola ang kumanta ng "Besame Mucho" habang isang lolo naman ang kumanta at tumugtog sa awiting "Pasko sa Binilanggo" sa gitara. Bagama't hirap kumilos, marami sa mga matatanda ang nakisabay sa mga empleyado sa pag-awit at pagsayaw.

Bago magtapos ang selebrasyon sa bahay-kalinga, nakatanggap ang mga matatanda ng isang electric Christmas lantern na handog ng DOST-VII.

Ang International Pharmaceuticals Inc. ay ang kumpanyang lumikha ng ilan sa mga kilalang produkto gaya ng Efficascent Oil, Omega Pain Killer, Casino rubbing alcohol, and Bioderm soap. (Impormasyon mula kay Licinio Gingoyon, DOST-VII)

LarawaNEWS

Tinanggap nina Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) Director Richard P. Burgos at ni Mona Carina E. Montevirgen, supervising science research specialist ng DOST-STII ang Anak TV Seal Award para sa DOSTv: Science For The People na ginanap sa Soka Gakkai Building, Quezon City noong ika-7 ng Disyembre 2018. Isa ang DOSTv: Science For The People sa mga programang binigyan ng Anak TV Seal Award, isang pagkilala sa mga programang maituturing na child-sensitive at family-friendly. Ang DOSTv ay ang official weather at science program ng Department of Science and Technology mula noong 2016. Mapapanood ang programa ng DOSTv mula Lunes hanggang Biyernes sa PTV4 tuwing 9:30 AM at sa Global News Network tuwing 11:00 AM at 4:00 PM. Mayroon din itong online streaming sa Facebook at YouTube. (Teskto mula kay Enrico P. Belga, Jr. at larawan mula sa DOSTv)

